

SAINTS TIMOTHY AND TITUS, BISHOPS

Patron Saints of Stomach Disorders

Today's saints were two bishops from the apostolic period of the Church, the decades immediately following the death and resurrection of Christ. In this grace-filled time, the Apostles and St. Paul were carving the first deep furrows into the pagan soil they traveled, planting in the earth the seeds of Christian faith which succeeding bishops would water, tend, and harvest.

Little is certainly known about today's saints apart from references to them in the Acts of the Apostles and in the epistles of St. Paul. But these numerous references are enough. The generations of theologians, bishops, martyrs, and

saints who lived in the post apostolic period give universal and consistent witness to the veracity of Paul's letters and the events they recount. There are theological, rather than historical, lessons to be taken from the lives and ministry of today's saints.

Saints Timothy and Titus were apostles of an Apostle. They shared in, and cooperated with, the ministry of St. Paul, who had a direct connection to Christ through a miraculous occurrence on the road to Damascus, a feast commemorated, not coincidentally, the day prior to today's memorial. Timothy, Titus, and many others, known and unknown, carried out on a local level a priestly ministry which Paul engaged in on a more regional level. It was St. Paul's practice, and probably that of the other surviving Apostles, to appoint assistants wherever they went who acted with the authority of the Apostle who appointed them. These assistants were variously called priests or bishops, terms that were often interchangeable. Deacons shared in the priestly ministry too, but more as assistants to bishops.

A direct connection to an Apostle, either through his direct ministry or through a group or person he appointed (presumably through an ordination rite), was fundamental to establish a church. Accredited leaders were needed. This is a constant theme in the writings of St. Paul. No Apostle—no Church. The body could not be separated from the head and still survive. In other words, the proclamation of the gospel always—always—occurred contemporaneously with the foundation of a solidly structured local Church. The modern tendency to emphasize the internal, personal, and spiritual message of Christ over the external, public, hierarchical Church which carried his message was a dichotomy unknown to early Christianity. The Church carries a message and is itself a message. The content of the gospel and the form of the gospel community go hand in hand. The constant, amoeba like, splitting of Protestant communities attests to the inevitable divisions which result when the Church and its message are separated.

A later tradition holds that St. Timothy was the first bishop of Ephesus, in modern day Turkey. Equally ancient traditions state that St. John retreated to Ephesus before eventually dying on the island of Patmos, and that the Virgin Mary followed John to Ephesus, living in a house above the town. It is possible, then, that St. Timothy drank from the deepest wells of the Christian tradition. Sitting around the warm glow of a fire in a dark room at night, he may have heard about the life of Christ from the very lips of the most important witnesses. We can imagine that he heard much of what is not today preserved, and from the very man, Saint John, who ends his Gospel by writing that "there are also many other things which Jesus did; were every one of them to be written, I suppose that the world itself could not contain the books that would be written." (John 21:25.)

Saints Timothy and Titus, through your lives dedicated to the missions, you helped lay the foundations of Christianity, and carried on the priestly ministry of Jesus by preaching, teaching, and governing His flock. Help us to be as bold now as you were then.

MYCATHOLIC.LIFE

Ika-26 ng Enero, Miyerkules III

PAGGUNITA KINA SAN TIMOTEO AT SAN TITO,
MGA OBISPO

Panalangin Sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang ating mga labi.
At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN ANTIPONA

Halina at sambahin ang Diyos na maylalang sa atin.

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa ‘ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati’t kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak. *(Antipona)*

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang. *(Antipona)*

Tayo ay lumapit, sa kanya’y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati’ y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan. *(Antipona)*

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
“Iyang inyong puso’y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila’ ng nakinabang. *(Antipona)*

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, ”Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!”
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan.” *(Antipona)*

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen. *(Antipona)*

AWIT

Sa pagdating ng bagong umaga
Tulad ng awit nitong maya
Ating purihi’t pasalamatan
D’yos na may dulot, lahat ng iyan.

Kahit ulan man, sinag ng araw,
Mula sa langit, sa ati’y alay.
Ating purihi’t pasalamatan
D’yos na may dulot, lahat ng iyan.

Ating umaga, mayroong buhay
Tulad sa Eden, nang isilang
Ating purihi’t pasalamatan
D’yos na may dulot, lahat ng iyan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Panginoon, ang lingkod mo'y dulutan ng galak sapagkat sa iyo ako tumatawag.

Salmo 86

(Ang dalangin ng isang dukhang namamanglaw)

Sa aking dalangin, ako'y iyong dinggin,
Tugunin mo, PANGINOON, ang aking pagdaing;
Ako'y mahina na't wala nang tumingin.
Yamang ako'y tapat, ingatan ang buhay,
Lingkod mo'y iligtas sa kapahamakan
Pagkat may tiwala sa 'yo kailanman.

Ikaw ang aking Diyos, ako'y kahabagan,
Sa buong maghapo'y siyang tinatawagan.
PANGINOON, ang lingkod mo'y dulutan ng galak,
Sapagkat sa iyo ako tumatawag.

Mapagpatawad ka at napakabuti;
Sa dumadalangin at sa nagsisisi,
Ang iyong pag-ibig ay mananatili.
Pakinggan mo, PANGINOON, ang aking dalangin,
Tulungan mo ako, ako'y iyong dinggin.

Dumaraing ako kung mayro'ng bagabag,
Iyong tinutugon ang aking pagtawag.
Sa sinumang diyos wala kang kawangis,
Sa iyong gawai'y walang makaparis.

Ang lahat ng bansa na iyong nilalang,
Lalapit sa iyo't magbibigay galang;
Sila'y magpupuri sa 'yong kabutihan.
Pagkat ikaw lamang ang Diyos na Dakila
Na anumang gawin ay kahanga-hanga!

Ang kalooban mo'y ituro sa akin,
At iyon ang tapat na aking susundin;
Turuang maglingkod nang buong taimtim.

O Panginoong Diyos, sa buo kong buhay,
Pupurihin kita magpakailanman
At ihahayag ko ang kadakilaan.
O pagkadakila! Pag-ibig mong wagas,
Dahil sa pag-ibig, ako'y iniligtas;
Di mo binayaang sa hukay masadlak.

Mayroong mga taong ayaw kang kilanlin,
Taong mararahas, na ang adhikain
Ay labanan ako't ang buhay ay kitlin.

Ngunit ikaw, PANGINOON, tunay na mabait,
Tapat at totoo, wagas ang pag-ibig;
Lubhang mahabagi't banayad magalit.
Ibaling sa akin ang awa mo't habag,

Iligtas mo ako at bigyan ng lakas;
Yamang naglilingkod sa iyo nang tapat.
Pagtulong sa aki'y iyong patunayan;
Upang mapahiya ang aking kaaway,
Kung makita nila yaong katibayan
Na ako'y inaliw mo at tinulungan!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Panginoon, ang lingkod mo'y dulutan ng galak sapagkat sa iyo ako tumatawag.

Antipona 2: Mapalad ang taong matuwid na nagsasabi ng totoo.

Awit: Isaias 33:13-16

(Ang matuwid na hatol ng Diyos)

Sa lahat ng lugar ang ginawa ko ay ibabalita
At kikilanlin ng lahat ang aking kapangyarihan.

Nanginginig sa takot ang mga makasalanan sa Sion
Sabi nila, "Parang apoy na hindi namamatay
Ang parusang igagawad ng Diyos.
Sino ang makatatagal sa init niyon?

Ngunit maliligtas kayo
Kung ang sinasabi ninyo't ginagawa ay tama.
Huwag ninyong gagamitin ang inyong kapangyarihan
Para linlangin ang mahirap,
Huwag kayong tatanggap ng suhol.
Huwag kayong makikiisa sa mga mamamatay-tao,
O sa gumagawa ng kalikuan.

Sa gayon, magiging ligtas kayo,
Parang nasa loob ng matibay na muog.
Hindi kayo mawawalan ng pagkain at inumin.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Mapalad ang taong matuwid na nagsasabi ng totoo.

Antipona 3: Magdiwang tayo nang may galak sa harap ng ating Panginoon at Hari.

Salmo 98

(Nagtatagumpay ang Panginoon sa kanyang paghatol)

Umawit ng bagong awit at sa PANGINOON ay ialay,
Pagkat yaong ginawa n'ya ay kahanga-hangang tunay!
Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan,
Walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay.

Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang naghayag,
Sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas.
Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad,
Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas.

Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas!
Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig;
Ang PANGINOON ay buong galak na purihin sa pag-awit!

Sa saliw ng mga lira iparinig yaong tugtog,
At ang PANGINOON ay purihin ng tugtuging maalindog.
Tugtugin din ang trompeta na kasaliw ang tambuli,
Magkaingay sa harapan ng PANGINOON na ating hari.

Umingay ka, karagatan, at lahat ng lumalangoy,
Umawit ang daigdigan at lahat ng naroroon.
Umugong sa palakpakan pati yaong kalaliman;
Umawit ding nagagalak ang lahat ng kabundukan.

Pagkat siya'y dumarating maghahari sa daigdig;
Taglay niya'y katarungan at paghatol na matuwid.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Panginoon, ang ningning nawa ng iyong mukha ang magbigay-liwanag sa amin.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Job 1:21; 2:10b)*

Hubad akong lumabas sa tiyan ng aking ina,
hubad din akong babalik sa alabok.
Ang Panginoon ang nagbibigay, siya rin ang kukuha.
Purihin ang Panginoon!
Kaginhawahan lang ba ang tatanggapin mo sa Diyos
at hindi pati kahirapan?

TUGUNAN

O Diyos, akitin mo ang aking puso upang umayon sa iyong kalooban.
— O Diyos, akitin mo ang aking puso upang umayon sa iyong kalooban.

Akayin ang aking yapak na tumahak sa 'yong landas,
— upang umayon sa iyong kalooban.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— O Diyos, akitin mo ang aking puso upang umayon sa iyong kalooban.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: Ipakita sa amin ang iyong habag, Panginoon, at alalahanin ang iyong banal na tipan.

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Kinakalinga at inaalagaan ni Kristo ang Simbahang kanyang inalayan ng kanyang buhay hanggang kamatayan. Dumulog tayo sa kanya:

Alalahanin ang iyong Simbahan, Panginoon.

Ikaw ang Mabuting Pastol na nagkaloob sa amin ngayon ng buhay at kaliwanagan,
— matuto nawa kaming magpasalamat sa mga biyayang ibinibigay.

Tunghayan mo nang may awa ang iyong kawan na tinipon mo sa iyong ngalan,
— huwag tulutan na ang sinumang ipinagkatiwala sa iyo ng Ama ay mapawalay.

Akayin ang iyong sambayanan na tumalima sa iyong mga kautusan,
— panatilihin kaming matapat sa tulong ng Espiritung Banal.

Paunlarin sa kalusugan ang iyong Simbahan sa pagsasalu-salo sa iyong Salita at pagkaing nagbibigay-buhay,
— sa dulot na lakas ng pagkaing ito, kami'y makasunod sa iyo nang may kagalakan.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,
iginawad mo ang mga katangian ng apostol
kina SAN TIMOTEO AT SAN TITO.
Pagbigyan mo ang kanilang dalanging
kami'y makapamuhay nang maayos at matapat
sa iyong kalooban
para kami'y marapatin mong makasapit
sa iyong piling sa kalangitan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Ama naming dakila, na sa mundo'y lumikha,
Kasaganaa'y dulot sa biyaya ng lupa,
Papuri ay tanggapin dahil sa pagpapala;
Ang buhay ay sagana sa iyong pagkalinga.

Anak ng Diyos at Tao, sa daigdig nabuhay
Nagpakain sa gutom, madla ay tinulungan,
Ang pag-ibig mo nawa ay aming matagpuan
Sa pagtulong sa kapwa, luha ay mapahiran.

O Espiritung Banal, liwanag ka at tanglaw,
Sa mga naghahanap ng landasin at gabay
Sa 'min ay ituro mo ang tamang kaisipan
Upang kami'y mamunga ng gawang kabutihan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: Ang nahahapis ay aani ng kagalakan.

Salmo 126

(Ang masayang pag-asa sa Diyos)

Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik,
Ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panaginip.
Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit!

Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid,
"Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, anong rikit!"
Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa,
Kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di kawasa!

Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis,
Sa sariling bayan namin, kami, PANGINOON, ay ibalik.
Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha,
Bayaan mo na mag-aning masasaya't natutuwa.

Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis,
Ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: Ang nahahapis ay aani ng kagalakan.

Antipona 2: Ang Panginoon nawa ang magtayo ng ating bahay at magsanggalang sa ating lungsod.

Salmo 127

(Kung wala ang Diyos walang kabuluhan ang ating mga gawa)

Malibang ang PANGINOON ang gumawa nitong bahay,
Ang ginawa ng nagtayo ay wala ring kabuluhan;
Ang lungsod na hindi ang Diyos ang s'yang magsasanggalang,
Walang saysay ang naroong nakatayong mga bantay.

Di na dapat magpahirap, magdibdib sa hanap-buhay,
Agang-agang mag-umpisa't gabing-gabi kung humimlay,
Pagkat pinagpapahinga ng PANGINOON ang kanyang mahal.

Kaloob ng PANGINOON itong ating mga bata,
Ang ganitong mga supling ay tunay na pagpapala.
Ang lalaking mga anak sa panahong kabataan,
Ang katulad ay palaso sa kamay ng isang kawal.

Mapalad ang isang taong mapalasong tulad niyan,
Hindi siya malulupig, at malayong mapipilan,
Kung sila man ng kalaban ay magtagpo sa hukuman.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: Ang Panginoon nawa ang magtayo ng ating bahay at magsanggalang sa ating lungsod.

Antipona 3: Siya ang panganay na Anak ng sangnilikha: upang sa lahat ng bagay, siya'y maging dakila.

Awit: Colosas 1:12-20

(Si Kristo ang Panganay na Anak ng sangnilikha at ng mga patay)

Magpasalamat kayo sa Ama,
Sapagkat minarapat niyang ibilang kayo
Sa mga hinirang na magmamana ng kaharian ng kaliwanagan.

Iniligtas niya tayo
Sa kapangyarihan ng kadiliman
At inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak.
Sa pamamagitan ng Anak, tayo'y pinalaya
At pinatawad sa ating mga kasalanan.

Si Kristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita,
At siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha.
Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa,
Nakikita man o hindi;

Pati ang mga naghahari at namamahala,
Mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal
Ay pawang nilikha ng Diyos
Sa pamamagitan niya at para sa kanya.
Siya'y una sa lahat, at sa kanya nasasalalay
Ang kaayusan ng lahat ng bagay.

Siya ang ulo ng simbahan na kanyang katawan.
Siya ang Una, ang panganay na Anak —
Ang unang nabuhay na muli
Upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay.

Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan
Ay manatili rin sa Anak,
At inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya
sa pamamagitan ng Anak.
Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus,
Nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha
Sa langit at sa lupa.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: Siya ang panganay na Anak ng sangnilikha: upang sa lahat ng bagay, siya'y maging dakila.

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Efeso 3:17-21)*

Nawa'y manahan si Kristo sa inyong puso sa pamamagitan ng inyong pananalig sa kanya upang sa inyong pag-uugat at pagiging matatag sa pag-ibig, maunawaan ninyo, kasama ng mga hinirang, kung gaano kadakila ang pag-ibig ni Kristo. At nawa'y makilala ninyo ang di matingkalang pag-ibig na ito upang mapuspos kayo ng kapuspusan ng Diyos.

Sa Diyos na makagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin—sumakanya ang kapurihan sa pamamagitan ng Simbahan at ni Kristo Hesus magpakailanman! Amen.

TUGUNAN

Angkinin akong muli, Panginoon, at sa aki'y maawa.
— Angkinin akong muli, Panginoon, at sa aki'y maawa.

Huwag akong itakwil kasama ng masasama,
— at sa aki'y maawa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Angkinin akong muli, Panginoon, at sa aki'y maawa.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: Gumawa sa akin ng mga dakilang bagay ang Makapangyarihan, at Banal ang kanyang pangalan.

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Buong kababaang-loob tayong manalangin sa Diyos na nagsugo ng kanyang Anak bilang Manunubos at halimbawa sa kanyang bayan:

Papurihan ka nawa ng iyong sambayanan, Panginoon.

Pasalamatan natin ang Panginoon na humirang sa atin bilang unang-ani ng kaligtasan,
— at tumawag sa ating makibahagi sa kadakilaan ng Panginoong Hesukristo.

Magkaisa nawa sa iyong katotohanan ang kumikilala sa iyong banal na ngalan,
— at maging masigasig sa iyong pagmamahal.

Manlilikha ng lahat ng bagay, nakiisa ang iyong Anak sa mga tao sa paggawa sa pamamagitan ng kanyang sariling kamay,
— alalahanin ang mga taong naghahanap-buhay sa tulo ng kanilang mga pawis.

Tunghayan ang mga tao na nag-aalay ng kanilang sarili sa paglilingkod para sa kanilang kapwa,
— huwag nawa silang mahadlangan sa kanilang mga layunin dahil sa kawalan ng tulong o bungang sa kalooba'y nakapagpapahihina.

Kaawaan ang mga yumao na,
— sa kapangyarihan ng masama ay iadya sila.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
iginawad mo ang mga katangian ng apostol
kina SAN TIMOTEO AT SAN TITO.
Pagbigyan mo ang kanilang dalanging
kami'y makapamuhay nang maayos at matapat
sa iyong kalooban
para kami'y marapatin mong makasapit
sa iyong piling sa kalangitan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diacono)

Sumainyo ang Panginoon
at sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diacono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalanging sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Papuri sa iyo, O Diyos naming dakila,
Sa lahat ng mga kaloob na pagpapala.
O Hari ng mga hari, kami'y ingatan mo,
Sa ilalim ng bagwis, di kami maglililo.

Patawarin kami sa 'ming mga kasalanan
Anuman ang maling kami ang may kagagawan.
Bigyan kaming lahat ng iyong kapayapaan
Upang sa paggising, ikaw ay mapaglingkuran.

Antipona 1: Panginoong Diyos, ikaw nawa ang aking maging tanggulan at lakas.

Salmo 31:1-6

(Mapagtiwalang Panalangin sa panahon ng kaguluhan)

Sa iyo, O PANGINOON, ako'y lumalapit
Upang ingatan mo, nang hindi malupig;
Ang aking dalanging laging sinasambit:
"Iligtas mo ako, O Diyos na matuwid."

Sagipin mo ako, ako ay pakinggan!
Tanging kublihan ko, ako ay ingatan;
Tagapagtanggol ko't aking kaligtasan.
Tagapagtanggol ko at aking kanlungan,
Ayon sa sabi mo, ako'y patnubayan.

O aking patnubay, ako ay iligtas,
Sa patibong nila at umang na bitag;
Kupkupin mo ako at iyong ingatan,
Ang pagliligtas mo sa aki'y pakamtan;
Ikaw ang aking Diyos, na tapat at tunay.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 1: Panginoong Diyos, ikaw nawa ang aking maging tanggulan at lakas.

Antipona 2: Sa gitna ng paghihirap, sa iyo, Panginoon, ako ay tumatawag.

Salmo 130

(Isang Panawagan mula sa paghihirap)

Sa gitna ng paghihirap, tinawag ko'y PANGINOON.
Kaya, PANGINOON, ako'y dinggin pagka ako'y tumataghoy,
Dinggin mo ang pagtawag ko't paghingi ng iyong tulong.

Kung ikaw ay may talaan nitong aming kasalanan,
Lahat kami ay tatanggap ng hatol mong nakalaan.
Ngunit iyong pinatawad, kasalanan ay nilimot,
Pinatawad mo nga kami upang sa 'yo ay matakot.

Sabik akong naghihintay sa tulong mo, PANGINOON,
Pagkat ako'y may tiwala sa pangako mong pagtulong.
Yaring aking pananabik, PANGINOON, ay higit pa
Sa serenong naghihintay ng pagsapit ng umaga.

Magtiwala ka, Israel, magtiwala sa iyong Diyos,
Matatag at di kukupas ang pag-ibig niyang dulot,
Lagi siyang nahahandang sa sinuman ay tumubos.
Ililigtas ang Israel, yaong kanyang mga hirang,
Ililigtas niya sila sa kanilang kasalanan.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona 2: Sa gitna ng paghihirap, sa iyo, Panginoon, ako ay tumatawag.

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Efeso 4:26-27)*

Kung magagalit man kayo, iwasan ninyong kayo'y magkasala. Agad ninyong pawiin sa kalooban ang galit. Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon ang diyablo.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoon Hesukristo,
ang mga alagad mo'y iyong pinagkalooban
ng isang halimbawa ng kababaang-loob
at kahinahunan, isang gampaning madali,
isang pasaning magaan.
Tanggapin ang mga panalangin at ginawa
sa araw na ito at bigyan kami ng pamamahinga
na magpapalakas sa amin upang makapaglingkod
kami nang higit na matapat sa iyo.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay.
Amen.